



## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)

### Proseso ng International Marriage

#### Pagpapakasal ng Hapon at dayuhan

Pagtupad ng isang Hapon ng mga kondisyon sa pagpapakasal na nakasaad sa batas ng Japan. Pagtupad ng dayuhan ng mga kondisyon sa pagpapakasal ng sariling bansa

#### Dokumentong kailangang ihanda

- 1 Sertipiko para sa pagrehistro ng pagpapakasal o kon'in todoke (makukuha ito sa tanggapan ng munisipyo at kailangang may lagda at tatak (natsuin) ng dalawang saksi na may sapat na gulang)
- 2 Kopya ng family register o koseki touhon (para sa Hapon)
- 3 Certificate of legal capacity to contract marriage o isang dokumentong katumbas nito (para sa dayuhan)
- 4 Alien registration card
- 5 Pasaporte etc. (bagay na nagpapatunay ng nasyonalidad)

Ipadala ang papeles sa tanggapan ng munisipyo sa tinitirahang lugar ng isa sa dalawang panig na magpapakasal o di kaya'y sa munisipyo kung saan rakarehistro ang family register ng Hapon na magpapakasal

Kapag tinanggap na ang mga dokumento, may bisa at kinikilala ang pagpapakasal sa Japan

Maaaring agad humiling na maipagkaloob ang sertipiko ng pagtanggap ng dokumento para sa pagrehistro ng pagpapakasal o kon'in todoke juri shoumeisho

Isasagawa ng dayuhan ang proseso ng pagpapakasal sa sariling bansa.

Dahil magkaiba ang paraan at proseso sa bawat bansa, tiyakin ito sa embassy o consulate sa Japan

Kapag tinanggap na ang mga dokumento, may bisa at kinikilala ang pagpapakasal sa bansa ng dayuhan

Sa mga nais magpalit ng kanilang visa bilang asawa ng Hapon (spouse of a Japanese national), makipagsangguni sa immigration bureau ng inyong lugar

#### Pagpapakasal ng dayuhan sa kapwa dayuhan

Magkaiba ang mga kondisyon ng bawat bansa para kilalanin ang pagpapakasal kaya magtanong sa embassy o consulate ng bansa sa Japan bago isagawa ang proseso.


Kapag nais isagawa ang proseso sa tanggapan ng munisipyo sa Japan, makipagsangguni sa tanggapan ng munisipyo sa lugar na inyong tinitirahan.





## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)





## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)

Ipapaliwanag ang tungkol pagpapakasal at pagdidiborsiyo ng dayuhan na alinsunod sa batas ng Japan. Malaking pagkakaiba ng dayuhan sa Hapon ang paraan ng pagbibigay-alam at pagrerehistro ng pagpapakasal at pagdidiborsiyo hindi lang sa Japang kung hindi rin sa sarili nilang bansa. Kailangan ding isagawa ang sari-saring pagrehistro kasabay ng pagpapakasal at pagdidiborsiyo. Huwag itong kalimutang isagawa

### 1 Pagpapakasal

Sa international marriage, kailangang sundin ang batas sa pagpapakasal ayon sa kani-kaniyang bansa ng taong magpapakasal. Mahalaga din ang pagsagawa ng proseso ng pagpapakasal sa bawa't bansa.

Bukod sa sertipiko para sa pagrehistro ng pagpapakasal o kon'in todoke, dahil nakasaad sa mga kaugnay na batas ang iba pang pagpaparehistro tulad ng alien registration, huwag kalimutang isagawa ang mga ito (Tingnan ang [3 Mga dokumento na may kaugnayan sa pagpapakasal at pagdidiborsiyo](#)). Sa panahong ito, marami sa isinasagawang pagpaparehistro ang dumadaan sa paaralan o sa lugar ng pinagtrabahuhan kaya ipagbigay-alam sa paaralan o ang lugar na pinagtrabahuhan.

#### 1-1 Pagpapakasal sa Japan

Sumusunod ang mga kondisyon para sa pagpapakasal na nakasaad sa batas ng Japan. Kailangang matupad ang bawa't isa nito.

- Para sa lalaki, 18 taong gulang at sa babae, 16 taong gulang ang edad para sa pagpapakasal (Article 731 ng Civil Code)
- Para sa mga mababa sa 20 taong gulang ang edad, kailangan ang pahintulot mula sa magulang (Article 737 ng Civil Code)
- Hindi kasal sa ibang tao (Article 732 ng Civil Code)
- Para sa babae na muling magpapakasal, ayon sa batas, nakalipas ang 6 na buwan mula nang araw ng pagpapatupad ng diborsiyo (Article 733 ng Civil Code)
- Kailangan hindi malapit na kamaganak (mula direkta hanggang sa ika-tatlong digri na relasyon sa dugo) (Article 734 ng Civil Code)



## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)

### 1 Pagpapakasal

#### 1-2 Pagrehistro ng pagpapakasal

Tinatawag na pagrehistro ng pagpapakasal ang pagpasa ng dokumento sa tanggapan ng munisipyo kapag magpapakasal. Magkaiba ang kondisyon sa bawa't bansa para makapagpakasal kaya kailangang matupad ang patakaran para sa pagpapakasal (mga kondisyon) ng Hapon para sa Japan at ng dayuhan para sa sariling bansa. Kapag di Hapon ang magpapakasal, dapat makapagbigay ng certificate of legal capacity to contract marriage na magpapatunay na natupad ang mga patakaran para sa pagpapakasal.

Ipinagkakaloob ng embassy o consulate ng bansa sa Japan ang certificate of legal capacity to contract marriage para sa mga dayuhan, at kapag ito'y nakasulat sa ibang wika, isama ang nakasalin na dokumento na may lagda o tatak (natsuin) ng gumawa ng pagsasalin. Kapag hindi naipagkaloob ang certificate of legal capacity to contract marriage, kailangang maghanda ng dokumento na katumbas nito kaya makipagsangguni sa tanggapan ng munisipyo para sa detalye.

Dokumentong kailangang ihanda	Saan ipapasa ang dokumento/Sanggunian	Mula at hanggang kailan	Sino ang magpaparehistro
<b>1 Sertipiko para sa pagrehistro ng pagpapakasal o kon'in todoke (makukuha ito sa tanggapan ng munisipyo)</b> * Kailangang may lagda at tatak (natsuin) ng dalawang saksi na may sapat na gulang	Sa tanggapan ng munisipyo sa lugar na tinitirhan ng kung sinuman sa dalawang magpapakasal, o di kaya'y sa munisipyo kung saan nakarehistro ang family register ng Hapon na magpapakasal	Ayon sa sariling kagustuhan	Ang dalawang magpapakasal
<b>2 Kopya ng family register o koseki touhon (para sa Hapon)</b>			
<b>3 Certificate of legal capacity to contract marriage o isang dokumentong katumbas nito (para sa dayuhan)</b>			
<b>4 Alien registration card</b>			
<b>5 Pasaporte atbp (bagay na nagpapatunay ng nasyonalidad)</b>			

\* Kapag kailangan, pagkatapos tanggapin ang inyong dokumento, humiling na maipagkaloob ang sertipiko ng pagtanggap ng dokumento para sa pagrehistro ng pagpapakasal o kon'in todoke juri shoumeisho

#### (1) Kapag di Hapon ang isa sa magpapakasal

Kapag magpapakasal ang isang Hapon at dayuhan sa Japan, iparehistro ang pagpapakasal alinsunod sa nakasaad sa Family Registration Law. Kapag natapos ang proseso ng pagpaparehistro sa Japan, sunod na iparehistro sa sariling bansa. Kakailanganin ang sertipiko ng pagtanggap ng dokumento para sa pagrehistro ng pagpapakasal o kon'in todoke juri shoumeisho sa panahong ito kaya mabuting humiling na maipagkaloob ang sertipiko ng pagtanggap ng dokumento para sa pagrehistro ng pagpapakasal o kon'in todoke juri shoumeisho





## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)

pagkatapos ng pagrehistro ng pagpapakasal. Magkaiba ang paraan at proseso sa bawat bansa kaya tiyakin sa embassy o consulate ng bansa sa Japan. Makipagsanggunian sa pinakamalapit na tanggapan ng Immigration ang mga nais na magpalit ng kanilang visa sa bilang asawa ng Hapon ("Spouse of Japanese National").

### ● Paano sagutin ang sertipiko ng pagtanggap ng dokumento para sa pagrehistro ng pagpapakasal o kon'in todoke

Hindi magkaiba para sa Hapon o dayuhan ang pagsagot ng kon'in todoke, maliban sa sumusunod na punto.

- Pangalan, kaarawan at tirahan

Isulat sa katakana ang apelyido kasunod ng pangalan. Maglagay ng marka sa pagitan ng apelyido at pangalan. Maaaring isulat ang taon ng birth date kahit hindi gamitin ang sistemang Hapon. Gamitin bilang tirahan ang lugar na nakarehistro sa inyong alien registration.

- Lugar kung saan ang inyong permanenteng tirahan

Isulat ang inyong nasyonalidad.

- Lagda/Tatak (natsuin)

Maaaring lagda lamang ang isulat.





## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[▲ Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)

### Sample

#### 記入の注意

鉛筆や消えやすいインキで書かないでください。  
この届は、あらかじめ用意して、結婚式をあげる日または同居を始める日に出すようにしてください。その日が日曜日や祝日も届けることができます。【この場合、宿直等で取扱うので、前日までに、戸籍担当係で下調べをしておいてください。】  
届書は、1通でさしつかえありません。  
この届書を本籍地でない住所に出すときは、戸籍抄本（個人事項証明書）、戸籍謄本（全部事項証明書）が必要ですから、あらかじめ用意してください。

		証 人	
署 名 印	印	年 月 日	年 月 日
生 年 月 日		年 月 日	年 月 日
住 所	番 地 番 号	番 地 番 号	番 地 番 号
本 籍	番 地 番 号	番 地 番 号	番 地 番 号

- 「筆頭者の氏名」には、戸籍のはじめに記載されている人の氏名を書いてください。
- 父母がいま婚姻しているときは、母の氏は書かないで、名だけを書いてください。  
養父母についても同じように書いてください。
- □には、あてはまるものに記号のようにしるしをつけてください。  
外国人と結婚する人が、まだ戸籍の筆頭者となっていない場合には、新しい戸籍がつけられますので、希望する本籍を書いてください。
- 再婚のときは、直前の婚姻について書いてください。  
内縁のものはふくまれません。

届け出られた事項は、人口動態調査（統計法に基づく法定統計第5号、厚生労働省所管）にも用いられます。

- 署名は必ず本人が自署してください。
- 印は各自別々の印を押してください。
- 届出人の印をご持参ください。

### (2) Kapag parehong di Hapon ang magpapakasal

Kapag kapwang dayuhan ang magpapakasal, dahil iba-iba ang paraan ng proseso para sa pagpapakasal, tiyakin ito ng baw't isa na magpapakasal sa embassy o consulate ng kanilang bansa sa Japan. Kapag isasagawa ang pagpapakasal sa tanggapan ng munispyo sa Japan, tiyakin ang mga kakailanganing dokumento (Pagkatapos tanggapin ang inyong dokumento, humiling na maipagkaloob ang sertipiko ng pagtanggap ng dokumento para sa





## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)

pagrehistro ng pagpapakasal o kon'in todoke juri shoumeisho). Kailangan ding isagawa ang pagpaparehistro sa kani-kaniyang bansa.

### (3) Isyu ng nasyonalidad pagkatapos magpakasal

Hindi kusang makakatanggap ng nasyonalidad bilang Hapon (Japanese citizenship) ang isang dayuhan kapag nagpakasal sa isang Hapon. Dagdag dito, upang makakuha ng Japanese citizenship, kailangang mabigyan ng pahintulot mula sa Minister of Justice para sa naturalisasyon (Tingnan ang [D Mga iba pang pagpaparehistro 3](#)).



## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)

### 2 Pagdidiborsiyo

Para rin sa mga dayuhan na nakatira sa Japan, kapag nakipagdidiborsiyo sa Japan, iparehistro ang diborsiyo. Kailangan din itong iparehistro sa sariling bansa. Tulad ng pagpapakasal, nakasaad sa mga kaugnay na batas ang iba pang pagpaparehistro tulad ng alien registration kaya huwag kalimutang isagawa ang mga ito (Tingnan ang [3 Mga dokumento na may kaugnayan sa pagpapakasal at pagdidiborsiyo](#))

#### 2-1 Pagrehistro ng diborsiyo

Tinatawag na pagrehistro ng pagdidiborsiyo ang pagpasa ng dokumento sa tanggapan ng munisipyo kapag magpapadiborsiyo. Sa diborsiyo, mayroong kyougi rikon o diborsiyo batay sa pagkasunduan at choutei rikon, shinpan rikon at saiban rikon o mga diborsiyo na ipinapatupad sa pamamagitan ng family court (katei saiban).

##### (1) Kapag di Hapon ang asawa

Kung parehong sang-ayon sa diborsiyo ang mag-asawa, masusunod ang batas ng Japan. Subalit hindi masasabi kung magkakaroon ito ng bisa sa bansa ng asawa ayon sa pagkakaiba ng batas. Magkaiba din ang paraan at proseso ng diborsiyo sa iba't ibang bansa kaya tiyakin ang mga ito sa embassy o consulate ng bansa sa Japan. Kapag kailangan, humiling na maipagkaloob ang sertipiko ng pagtanggap ng dokumento para sa pagrehistro ng pagdidiborsiyo o rikon todoke juri shoumeisho.

Kung sakaling may anak, kailangang iparehistro ang pangalan ng magulang na pagkakalooban ng pananagutan sa pangangalaga ng anak at ang pangalan ng magulang na sumang-ayon sa pagkakaloob ng pananagutan na ito.



## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)

Dokumentong kailangang ihanda	Saan ipapasa ang dokumento/ Sanggunian	Mula at hanggang kailan	Sino ang magpaparehistro
<p>1 Sertipiko para sa pagrehistro ng pagdidiborsiyo o rikon todoke (makukuha ito sa tanggapan ng munisipyo)</p> <p>* Kailangang may lagda at tatak (natsuin) ng dalawang saksi na may sapat na gulang</p> <p>2 Kopya ng family register o koseki touhon (para sa Hapon)</p> <p>3 Pasaporte</p> <p>4 Sertipikong nagpapatibay sa mga nakatalang detalye sa alien registration o certificate of registered matters on alien registration (Tingnan ang <a href="#">B Alien registration 2</a>)</p> <p>5 Para sa choutei rikon atbp, ang opisyal na kopya ng talaan ng pakikipag-usap (choutei chousho) o ng desisyon ng korte (shinpansho o hanketsusho) at sertipiko na nagpapatibay nito</p>	<p>Sa tanggapan ng munisipyo sa lugar na tinitirhan ng isa sa mag-asawa, o di kaya'y sa munisipyo kung saan nakarehistro ang family register ng Hapon</p>	<p>(Kung kyougi rikon) Maaaring iparehistro kapag kailangan (Kung choutei rikon atbp) Iparehistro sa loob ng 10 araw mula nang mabigay ang desisyon o resulta ng pakikipag-uusap</p>	<p>(Kung kyougi rikon) Ang mag-asawa (Kung choutei rikon, shinpan rikon o saiban rikon) Ang tagapamagitan</p>

\* Kapag kinakailangan, pagkatapos tanggapin ang inyong dokumento, humiling na maipagkaloob ang sertipiko ng pagtanggap ng dokumento para sa pagrehistro ng pagpapadiborsiyo o rikon todoke juri shoumeisho

### ●Kapag ayaw makipagdidiborsiyo ang asawa

Kung pilit na hingan ng diborsiyo ng inyong asawa, at kanyang inilagda ang sertipiko para sa pagrehistro ng pagdiborsiyo (rikon todoke) na walang pahintulot at pinasa ito sa tanggapan ng munisipyo ang, kusang maipapatupad pagdidiborsiyo.

Kung walang balak na makipagdidiborsiyo sa asawa, magpasa ng form para sa pagtanggap ng pagrehistro o fujuri (di pagtanggap) ng diborsiyo. Batay dito, sa loob ng 6 na buwan mula sa pagpasa ng form, maaaring mapigilan ang pagtanggap ng sertipiko para sa pagrehistro ng pagdiborsiyo (rikon todoke) sa tanggapan ng munisipyo. Kahit lumampas ang 6 na buwan, kapag hindi naisayos ang problema tungkol sa diborsiyo, kailangan muling magpasa ng panibagong form.

### ●Pagpapalit ng uri ng visa

Kapag nakipagdidiborsiyo ang dayuhan na asawa ng isang Hapon, hindi ibig sabihin na mawawala ang pagkakilanlan bilang asawa ng Hapon (spouse of a Japanese national) at agad na dapat umuwi sa sariling bansa. Subalit kailangang isagawa ang proseso ng pagpapalit ng uri ng visa sa Immigration Bureau. Dahil mawawala ang katayuan bilang "Spouse of Japanese National," hindi na maaaring ipabago ang visa na ito. Kapag nais pa ring patuloy na manirahan sa Japan, kailangang makakuha ng iba pang visa (Tingnan ang [A Pagkuha ng visa \(status of residence\) 2-8](#) ).





## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[▲ Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)

### ●Kapag rehistrado ang isang international marriage sa kapwang bansa ng mag-asawa

Kung sa Japan lamang naisagawa ang proseso ng pagdidiborsiyo at nakalimutang isagawa sa sariling bansa, kinikilala pa rin ang pagiging kasal sa sariling bansa at kung magpapakasal muli, magiging itong bunga ng problema. Tandaan at tiyakin na maisagawa ang proseso ng pagdidiborsiyo sa sariling bansa.

Sample

**離婚届**  
平成 年 月 日届出  
長 殿

受理 平成 年 月 日 印	発送 平成 年 月 日							
送付 平成 年 月 日 印	長印							
書類調査	戸籍記載	記載調査	異動票	印	課	課	課	課

(1) 氏名  
夫 氏 名  
妻 氏 名  
生年月日 年 月 日 年 月 日

(2) 住所  
妻地番 号 妻地番 号  
(住居登録をしているとこを)  
F001 F002  
F003 F004  
妻側の氏名 妻側の氏名

(3) 本籍  
(外国人のときは  
国籍だけを書いてください)  
妻側の氏名  
妻側の氏名

(4) 離婚の種別  
協議離婚  
調停  
審判  
年 月 日成立  
年 月 日成立  
年 月 日成立  
和解  
調定の記録  
判決  
年 月 日成立  
年 月 日成立  
年 月 日成立

(5) 婚姻前の氏にもどる者の本籍  
夫は もとの戸籍にもどる  
妻は 新しい戸籍をつくる

(6) 未成年の子の氏名  
夫が親権を行う子  
妻が親権を行う子

(7) 同居の期間  
昭和 平成 年 月 から 昭和 平成 年 月 まで  
(同居を始めたとき) (別居したとき)

(8) 同居する前の住所  
妻地番 号 (本人の) 妻側の氏名

(9) 別居する前の仕事とおもな仕事と  
1. 農業だけまたは農業以外の仕事を持っている者  
2. 自営業・自営業・サービス業等個人で経営している者  
3. 企業・個人商店等(以下は略す)の常務取締役等専任で勤め先の従業員数が1人から99人までの者(日本または1年以上の契約の雇用者は5)  
4. 3にあてはまらない常勤労働者等及び会社取締役の役員等(日本または1年以上の契約の雇用者は5)  
5. 1から4にあてはまらないその他の仕事をしている者のいかなる者  
6. 仕事をしている者(いない者)

(10) 夫妻の職業  
(別居開始の日(平成 年 月 日)から平成 年 月 日までの期間を記入してください)  
夫の職業 妻の職業

その他

届出人 夫 妻 印 印

事件簿番号

住所を定めた年月日  
夫 年 月 日  
妻 年 月 日

連絡先  
電話 住居番路が取れるところ  
先 自宅・勤務先・携帯

字は略さず丁寧に書いてください。





## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[▲ Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)

**Sample**  
**記入の注意**  
 記号や読みやすいインキで書かないでください。  
 筆跡者の氏名欄には、戸籍のはじめに記載されている人の氏名を書いてください。  
 届出は、1通でしかつかえありません。  
 この届書を本籍地でない住所に出すときは、戸籍謄本（登記事項証明書）が必要ですから、あらかじめ用意してください。  
 そのほかに必要なもの  
 調停離婚のとき → 調停調査の謄本  
 審判離婚のとき → 審判書の謄本と確定証明書  
 和解離婚のとき → 和解調査の謄本  
 認諾離婚のとき → 認諾調査の謄本  
 判決離婚のとき → 判決書の謄本と確定証明書

証 人 (協議離婚のときだけ必要です)		印	印
署 押	名 印		
生 年 月 日	年 月 日	年 月 日	年 月 日
住 所	番 地 番 号	番 地 番 号	番 地 番 号
本 籍	番 地 番 号	番 地 番 号	番 地 番 号

→ 父母がいま婚姻しているときは、母の氏は書かないで、名だけをかいてください。  
 養父母についても同じように書いてください。  
 口には、あてはまるものに□のようにしるしをつけてください。

→ 今後も離婚の際に称していた氏を称する場合には、左の欄には何も記載しないでください。  
 (この場合にはこの離婚届と同時に別の届書を提出する必要があります。)

→ 同居を始めたときの年月は、結婚式をあげた年月または同居を始めた年月のうち早いほうを書いてください。

→ 届け出られた事項は、人口動態調査（統計法に基づく指定統計第五号、厚生労働省所管）にも用いられます。

○署名は必ず本人が自署してください。  
 ○印は各自別々の印を押してください。  
 ○届出人の印をご持参ください。

### (2) Kapag parehong di Hapon ang mag-asawa

Dahil magkaiba ang kondisyon para sa pagdidiborsiyo, tiyakin ang paraan ng proseso ng diborsiyo sa embassy o consulate ng kani-kaniyang bansa sa Japan.





## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)

### 2 Pagdidiborsiyo

#### 2-2 Diborsiyo at ang mga anak

Ayon sa batas ng Japan, kapag may anak na di pa umaabot sa edad na 20 taong gulang, kung hindi mapagpasiyahan ang magulang na pagkakalooban ng pananagutan sa pangangalaga ng anak, hindi tatanggapin ang mga rikon todoke o dokumento para sa pagrehistro ng pagpapadiborsiyo.

Sa rehistro ng pamilya, ang irerehistrong ama ng bata na ipinanganak sa loob ng 300 araw matapos ang diborsiyo ay ang dating asawa (Article 772 ng Civil Code). Kapag ang tunay na ama ay naiiba, kailangan sumampa ng kaso upang mapatunayan ang pagkawalang-relasyon ng dating asawa sa anak..

Kapag dinala sa ibang bansa ng isa sa mga magulang ang bata na hindi napagpasiyahan kung sino ang may karapatan sa pagiging magulang, ito ay matuturing na pag-kidnap at ibabalik agad ang bata sa pinangalingang bansa. (Hague Convention, 1980, tungkol sa pagdukot ng mga bata)



## C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo

[Bumalik sa TOP ng C Pagpapakasal at Pagdidiborsiyo](#)

### 3 Mga dokumento na may kaugnayan sa pagpapakasal at pagdidiborsiyo

Kasabay ng pagpasa ng kekkon todoke at rikon todoke, kailangang isagawa ang bawa't isa sa sumusunod na pagpaparehistro. Hindi lamang ito sa tanggapan ng munisipyo kundi sa marami din ang pagpaparehistro na dadaan sa pamamagitan ng paaralan o lugar ng inyong pinagtrabahuhan kaya kailangang ipagbigay-alam sa paaralan o ang lugar na pinagtrabahuhan.

Mga kailangan na pagpaparehistro	Saan ipapasa ang dokumento
Pagbabago ng uri ng visa	Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar
Pagbabago sa alien registration	Sa tanggapan ng munisipyo (Tingnan ang <a href="#">B Alien registration 3</a> )
Pagrehistro ng pagpalit ng tirahan o lugar na tinitirhan	Pagrehistro ng pagpalit ng tirahan o lugar na tinitirhan
Pagrehistro ng bagong tirahan	Sa tanggapan ng munisipyo sa nilipatang lugar
Pagpalit ng pangalan o tirahan sa kokumin hoken at kokumin nenkin	Sa tanggapan ng munisipyo
Pagpalit ng pangalan o tirahan sa driver's license	Sa tanggapan ng pulis/driver's license center
Pagrehistro ng pagbabago sa rehistradong status	Sa lugar ng inyong pinagtrabahuhan
Pagbabago sa pangalan o tirahan ng bank account	Sa bangko o kinauukulang institusyong pampinansyal
Pagbabago ng kontrata para sa serbisyong elektrisidad, gas o tubig	Sa kinauukulang kompanya para sa serbisyong elektrisidad, gas at tubig
Paglipat ng linya o pagkabit ng bagong telepono	Sa kompanya ng telepono
Pagbigay-alam ng pagbabago sa tirahan para ipadala ang mga sulat atbp sa bagong tirahan	Sa post office